PAGTINGIN SA MGA TAO SA PANINGIN NI JESUS

Liksyon 3 para sa ika-18 ng Hulyo, 2020

A PANGUNGUNA SA IBA

- ❖ May isang himala sa Marcos 8:22-26 na espesyal sa maraming paraan.
  - (1) Hindi naniwala ang bulag kay Jesus, ngunit naniwala ang kanyang mga kaibigan.
    - — Maraming mga tao ang hindi lalapit kay Jesus malibang may isang may pananampalatayang dadalhin sila sa Kanya. Ito ang ating misyon.
  - (2) Gumamit ng dalawang paghipo si Jesus upang pagalingin siya.
    - — Minsan ay kakailanganin natin ang "ikalawang hipo" mula kay Jesus upang makita ng malinaw ang katotohanan.

B PAGTANGGAP SA LAHAT

- ❖ Nakakakita si Jesus ng higit pa sa lahi, kultura, kasarian, at relihiyon. Alam Niya na may mga tao sa Samaria na nangangailangan ng kaligtasan, kaya ang Kanyang misyon ay dalhin ito sa kanila.
- ❖ Kung nakikita natin ang iba kalakip ang simpatya ng Dios, bumabagsak lahat ng hadlang. At wala nang paghihiwalay, dahil nakikita natin sila bilang maaaring mamamayan ng Kaharian ng Langit.
- ❖ Maaaring hindi tayo magkapareho sa politikal o relihiyosong mga ideya, ngunit maari natin silang mahalin at naisin ang pinakamabuti sa kanila.

C PAKIKIPAGKAIBIGAN

- ❖ Nang nagpaalam si Jesus sa Kanyang mga alagad, hiniling Niya sa kanilang ipangaral ang ebanghelyo sa pataas na mga lugar: "sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa." (Gawa 1:8).
- ❖ Gumawa ng halimbawa si apostol Andres ng ganitong paraan. Una, sinabihan niya ang kanyang kapatid tungkol kay Jesus [Judea].
- ❖ Sumunod ay nangaibigan siya ng isang bata [Samaria] at gumawa ng dakilang himala si Jesus sa pamamagitan niya (Juan 6:5-11).
- ❖ Sa wakas ay ibinahagi niya ang Ebanghelyo sa mga dayuhan [sa kaduluduluhan ng lupa], gaya ng mga lalaking Griego na naghahanap kay Jesus (Juan 12:20-26).
- ❖ Matututo tayo ng matagumpay na paraan ng pagdadala ng kaluluwa kay Jesus sa halimbawa ni Andres: pagtayo ng mapagmahal na ugnayan sa iba.

D ESPESYAL NA PAKIKITUNGO SA IBA

- ❖ Paano nakitungo si Jesus sa mga taong mahirap pakitunguhan?
  - — Maingat Siyang nakinig sa kanila.
  - — Nagtanong Siya sa kanila.
  - — Unti-unti Niyang ipinahayag ang katotohanan.
  - — Kinilala Niya ang nais ng kanilang mga puso.
  - — Nakakita Siya ng potensyal sa pinakanakakamuhing tao.
  - — Hindi Niya itinuring ang sinuman na hindi kayang abutin ng Ebanghelyo.
  - — Nakita Niya ang aninag ng kaluwalhatian sa bawat isa.
  - — Itinaas Niya ang kanilang pag-iisip upang matuklasan nila kung ano ang maaari nilang maabot.
- ❖ Ang ibig sabihin ng pagtingin sa iba sa paningin ni Jesus ay ang pagkilala sa lahat bilang kandidato para sa Kaharian ng Langit, at pakikitungo sa kanila ng matuwid. Upang maging matagumpay na patotoo, dapat nating hilingan sa Banal na Espiritu ang ganitong uri ng paningin.

E PAGSAMANTALA SA BAWAT PAGKAKATAON

- ❖ As in the story of Philip and the Ethiopian, Nagbubukas ang Dios ng mga pintuan upang magkaroon tayo ng pagkakataon na ibahagi ang Ebanghelyo.
- ❖ May mga anghel na hindi nakikita na handang tumulong sa atin tungo sa mga "bukas na pinto". Hilingan mo ang Dios na bigyan ka ng tamang pagpili upang malaman ang mga pagkakataong iyon, at upang bigyan ka ng tamang mga salita sa mga sandaling iyon.